# Balitang Manmin

BILANG 95  NOBYEMBRE 3, 2013

# Lahat ng Pasasalamat at Luwalhati ay para sa Diyos na Buhay



Kakaibang bahaghari
(Muan Manmin Church, Enero 27, 2011)



Ang transmitter ng GCN sa Empire State Building sa New York



Lugar ng Muan Sweet Water
(Haeje-myoun, Muan-gun, Probinsya ng Jeonnam)



Ang ika-10 pandaigdigang kumperensya ng WCDN tungkol sa panggagamot na idinaos sa Mexico (Hunyo 2013)



Si Dr. Jaerock Lee sa Krusada ng Pagkilos ng Banal na Espiritu sa Buong Mundo taong 1992




Mga libro ni Dr. Jaerock Lee na isinalin sa 58 wika



Ang pagtatanghal sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo (Oktubre 7, 2012)



Pagtuturo sa siyam na bansang Latino ng Manmin International Seminary (Nobyembre 2007)



Pulong-panalanging Daniel sa pamumuno ni Gng. Boknim Lee, pangulo ng Manmin Prayer Center



Pakikipagpulong sa Pangulo ng Peru na si Alejandro Toledo, Palasyo ng Pangulo (Nobyembre 30, 2004)



Ang santuwaryo ng Canaan (kung titingnan mula sa itaas), nagpapahayag ng luwalhati ng Diyos at nagdadala ng liwanag

Ngayong taong 2013, ipinagdiriwang ng Manmin Central Church ang kanilang ika-31 anibersaryo. Magpahanggang ngayon, nagdadala ang iglesya ng hindi mabilang na mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan kasama ng may 10,000 sangay at katuwang na iglesya.

Tinutupad ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang kalooban ng Diyos para sa pagtatapos ng panahon sa pamamagitan ng pagpapakita ng kamangha-manghang mga tanda at himala at makapangyarihang gawa ng paglikha tulad ni Jesus.

Nagtitipon ang mga miyembro ng Manmin sa santuwaryo at maalab na nananalangin para makamit ang mabuti at kalugod-lugod na pusong espirituwal. Napupuno sila ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem sa Langit.
Nakikibahagi na ngayon sa pagmimisyon ang mga miyembrong napagaling sa karamdaman at napalaya mula sa kahirapan.



Mga nagpatotoo ng kanilang paggaling sa retreat sa tag-init ng Manmin (Agosto 5, 2013)



Ang mga pagsamba ng Manmin ay ibinobrodkast sa GCN TV at sa Internet at dinadaluhan ng mga tao mula sa may 170 mga bansa



Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong Setyembre 6-7, 2009, Dr. Jaerock Lee

# Mapapalad ang mga Mapagpakumbaba

"Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." (Mateo 5:5)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kung ang bilang ng mga kalalakihang kasama sa Exodo ay 600,000, ang kabuuang bilang ng mga Israelita na tumakas mula sa Ehipto ay mahigit-kumulang 2 milyon, kasama ang mga babae at mga bata. Dumaing sila kay Moises sa tuwing nahihirapan, kahit nakakita sila ng hindi mabilang na tanda at himala mula sa Diyos sa pamamagitan niya. Nagpatuloy si Moises sa pamumuno sa kanila sa disyerto sa loob ng 40 taon. Ipinakita nito ang kababaang-loob ni Moises.

Sinasabi sa Mga Bilang 12:3, "Ang lalaki ngang si Moises ay napakaamo, higit kaysa lahat ng lalaki sa ibabaw ng lupa." Minahal ng Diyos si Moises na napakamapagpakumbaba at napakaamo. Pinapurihan siya ng Diyos dahil naging tapat siya sa buong sambahayan Niya. Nag-usap sila ng harapan bilang magkaibigan. Pwede nating isipin kung gaanong kaluwalhatian ang ibinibigay sa kanya sa Langit at kung gaanong kaligayahan ang tinatamasa niya kasama ng Panginoon. Pag-aralan natin kung anong klaseng mga tao ang maaaring sabihing maamo o mapagpakumbaba at kung anong klaseng biyaya ang ibibigay sa kanila.

### 1. Ang pagpapakumbaba na kinikilala ng Diyos

Dito sa mundo, ipinapalagay na maamo at mapagpakumbaba ang isang tao kung maawain at hindi sila magagalitin; kung hindi nila ipinipilit ang opinyon nila; kung mahina ang loob nila at nakahandang makikinig sa iba; at kung nagtitiis kahit hindi palagay ang loob; kung hindi nagsasalita kahit masama na ang loob. Maaaring masama na ang loob nila at gustong magsalita pero nagpipigil ng galit. Nakikita sa kanila ang mga katangiang ito ng mga tao sa paligid nila at iniisip nilang nagpapakumbaba sila.

Gayon pa man, ang panlabas na pagpapakumbaba ay hindi mahalaga sa Diyos. Kikilalanin at tatanggapin ng Diyos ang pagpapakumbaba kung wala tayong sama ng loob at nagmamahal ng ibang tao ng bukas sa kalooban. Nalulugod ang Diyos sa mga taong walang sama ng loob; sa mga hindi naninira ng puri; sa mga nagagalak kapag masaya ang ibang tao at nalulungkot kapag mayroon silang dalamhati. Nagagawa nilang damayan at aliwin ang mga ito.

Ang mga taong mapagpakumbabang kinikilala ng Diyos ay ang tumatanggap ng mga hindi sumasang-ayon sa saloobin, edukasyon, ugali, at panlasa nila. Hindi sila nanghuhusga o nanghahatol ng masama. Inuunawa nila ang opinyon ng iba, at naglilingkod sila ng may mababang loob. Ang puso nila ay malambot tulad ng bulak o lana. Kung babatuhin ang bulak o lana, hindi ito mag-iingay. Sa halip, sasaluhin at babalot ito sa bato.

Samakatwid, ang mga mapagpakumbaba ay mayroong malambot at mainit na puso, magagawa nilang tanggapin ang lahat ng klase ng tao. Magagawa nilang tanggapin ang masasamang tao na nagpapahirap sa kanila nang walang itinatagong sama ng loob. Kung mayroon tayong malinis na ugali at may mapagpakumbabang puso, makakamit natin ang perpektong pagpapakumbabang nais ng Diyos.

### 2. Dapat magkaroon tayo ng mabuting kalooban para maging perpekto ang pagpapakumbaba natin

Ang kahulugan ng mabuting kalooban ay pagtanggap at pag-unawa ng ibang tao. Ang isang taong may mabuting kalooban ay kumikilos ng tama ayon sa tungkulin niya, matuwid at walang kinikilingan, kapuri-puri sa salita at gawa, at umuunawa sa mga pagkukulang ng ibang tao. Kung hindi mabuti ang kalooban ng isang tao, hindi lalabas ang kababaang loob niya.

Halimbawa, may isang taong mapagpakumbaba, pero pangit ang ugali niya at maraming maling ginagawa, hindi siya lalapitan ng mga tao. May isang tao namang masyadong mahiyain, hindi palagay ang loob ng mga tao sa kaniya. Ang isa naman ay napakadaldal at palabiro, kaya hindi niya makuha ang tiwala ng ibang tao. Ang pagpapakumbaba ay isang bagay na hinuhubog sa ating puso, at ang mabuting kalooban ay parang damit na isinusuot. Kahit napakaganda ng ugali ng isang tao, ngunit marumi at madungis ang damit na suot niya, hindi makikita ng mga tao ang kahalagahan niya. Dadaanan at lalampasan lang siya ng mga ito.

Kahit mapagpakumbaba tayo, makikita lang ito ng ibang tao at magiging magandang halimbawa tayo sa iba kung mayroon tayong mabuting kalooban. Dito natin makukuha ang tiwala nila. Hindi lang natin sila mamahalin at pagpapakitaan ng kabutihan, gagabayan pa natin sila ng may pag-ibig, hindi sa pamamagitan ng pisikal na lakas. Maraming taong makakagusto sa mga taong may samyo ng kabutihan at pag-ibig, mapapahinga sila kapag kasama nila ang mga ito, parang mga bubuyog at mga paru-parong lumalapit sa kabanguhan ng mga bulaklak.

Anong kailangan nating gawin para magkaroon ng ganitong klaseng puso? Dapat nating linisin at alagaan ito, parang lupang tataniman. Tanggalin ang mga bato at tinik, at dagdagan ng pataba. Sa madaling salita, iwaksi natin ang mga masasamang bagay tulad ng galit, selos, inggit, alitan, panghuhusga, paghatol, at makalaman na saloobin. Dito lang natin makakamit ang mapagkumbabang puso.

### 3. Mga biyaya para sa mapagpakumbaba

Mababasa sa Mateo 5:5, "Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa." Ang kahulugan ng mamanahin ay ang pagtatamo ng pag-aari, istado, o ugali mula sa naunang henerasyon. Ang tinutukoy na 'mamanahin ang lupa' sa talatang ito ay magkakaroon ng lugar sa walang hanggang kaharian ng langit.

Marahil iniisip ng ibang tao, 'Hindi pa ba sapat ang maligtas at makapunta sa Langit? Kailangan pa bang personal nating manahin ang lupa?' Sa Langit, bibigyan tayo ng mga gantimpalang angkop para sa atin, batay sa katapatan natin sa paglilingkod sa Kanya dito sa mundo. Halimbawa, may isang taong masipag magsimba, ang isa naman ay nangangaral ng ebanghelyo, naglilingkod ng tapat, nahahapis at nananalangin para sa iglesya at mga kaluluwa. Magkaiba ang antas ng katapatan nila. Kung bibigyan sila ng Diyos ng magkaparehong mansyon at magkasing dami ng gantimpala, paano nating sasabihin na patas ang Diyos at walang kinikilingan?

Makatarungan ang Diyos, wala Siyang pinapanigan, kaya nagbibigay Siya ayon sa inihasik natin. Sa madaling salita, kung may isang taong nagwaksi ng lahat ng klaseng kasamaan at nagpakumbaba at may kabutihang loob, bibigyan siya ng Diyos ng malaking lupain para tayuan ng malaking mansyon sa Langit dahil nagsikap siyang makapagdala ng mga kaluluwa sa kaligtasan at sa pagtupad ng mga tungkuling ibinigay sa kanya ng Diyos. Tinatanggap at minamahal ng isang taong mapagpakumbaba ang napakaraming tao at dinadala sila sa kaligtasan. Dadalawin siya ng mga taong ito sa mansyon niya para magpasalamat at magpakita sa kanya ng pagmamahal. Kailangan niya ng malaking lugar para sa mga taong ito. Napakalaking kapangyarihan ang makakuha ng ganitong respeto mula sa napakaraming tao na gusto siyang makasama.

Kung magpapakumbaba tayo, uunahin ang ikakabuti ng ibang tao, maglilingkod sa kapwa, at magsasakripisyo dito sa mundo, tatamasahin natin ang kapangyarihan at kadakilaan at magkakaroon tayo ng malaking lupain sa Langit. Babantayan ng Panginoon ang pagtatayo ng mansyong napakaganda at kamangha-mangha, na gagamitan ng materyales mula sa ating katapatan, mga boluntaryong paglilingkod, at mga kaloob. Mayroon ding halamanan, mga lawa, at 'swimming pool'.

Sa sandaling manahin natin ang lupain sa langit at tanggapin ang mga gantimpala, hindi na natin ito pwedeng dagdagan, bilhin, o ibahagi sa iba. Kaya, umaasa ako na lilinisin ninyo ang mga puso ninyo habang narito pa kayo sa mundo, mahalin ninyo ang kapwa nang may kabutihang loob, para maging dakila kayo sa Langit.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang pangatlong pagpapala sa Ang Mapapalad ay maging mapagpakumbaba para manahin ang kaharian ng langit. Pinili ng Diyos si Moises bilang lider ng Exodo. Higit siyang mapagpakumbaba kahit kanino dito sa mundo. Hinayaan siya ng Diyos na dalhin ang maraming kaluluwa patungo sa biyaya, at tinulungan siyang tuparin ang kalooban Niya. Dahil dito, dinakila siya sa Langit.

Hanggang ngayon, naghahanap ang Diyos ng mapagpakumbabang mga tao. Binibigyan Niya sila ng tungkuling makapagdala ng maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan para magmana sila ng malaking lugar sa Langit. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, mabuting kalooban, at pagmamahal sa maraming tao, magmana nawa kayo ng malaking lugar sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Likas na Ugali ng Isang Tao – Maaari Bang Baguhin?

Maraming taong nagsasabi na hindi nila pwedeng baguhin ang ugali nila. Siyempre, may iba-ibang katangian ang bawat tao, at hindi natin pwedeng sabihing nakakaangat ang katangian ng isang tao kaysa sa iba.
Pero may mga taong kitang-kita ang kaibahan ng ugali kaysa iba, mahirap silang pakibagayan, nagiging dahilan ito ng awayan, at nagdadala ng problema sa pakikitungo. May mga mahirap pakibagayan dahil sa kanilang ugali, kahit sa mga Cristiano.
Ipagpalagay nating may isang taong mabilis kumilos at pabigla-bigla sa paggawa, at ang isa naman ay mabagal at dahan-dahan. Kung ipipilit ng isa sa kanila ang gusto niyang paraan, mag-aaway sila. At kung mayroong negatibo kung mag-isip at gustong mapag-isa, baka magkaroon ng problema ang mga kasamahan niya dahil sa ugali niya. Kaya kung hindi nila babaguhin ang personalidad nila, magiging ito na ang batayan ng pagkatao nila.
Anong dapat nating gawin para buwagin ang makasariling personalidad o ugali? Kung mananalangin tayo at magninilay, ipapakita ng Espiritu sa atin kung anong klaseng ugali ang nasa atin. Maaari tayong magkaroon ng ugaling espirituwal at nakakalugod sa Diyos kapag kikilos tayo ayon sa Katotohanan, at hindi ang ugaling batay sa sariling pamantayan.
Pag-aralan natin ito.

## Buwagin ang negatibong pag-iisip

Dapat nating pasalamatan ang lahat ng bagay, damahin ang pag-ibig ng Diyos, at palaging magalak

Ang mga taong may negatibong pag-iisip ay mahilig magkwento tungkol sa mga alalahanin at problema, sa halip na magpatotoo tungkol sa pananampalataya o magkwento tungkol sa masasayang bagay. Hindi makakakuha ng pagpapala ang mga makikinig sa kanila at hindi nila maipapakitang marangal sila. Kung magkakamali sila o makakasakit ng damdamin, hindi sila humihingi ng patawad, hindi nila pinagsisikapang maibalik ang nasirang relasyon. Iiwasan lang nila ito at hindi gagawa ng kahit na anong paraan.

Marami silang alalahanin at agam-agam kaya nalilimitahan nila ang sarili kahit nagtitiwala sila at minamahal nila ang Diyos. Gayon pa man, walang imposible para sa Diyos. Kaya kung magtitiwala tayo sa Kanya, lahat ng bagay ay magiging posible, at ang mga bagay na posible ay lalong magiging mas mabuti.

Kung totoong mahal natin ang Diyos, magpapasalamat tayo sa Kanya sa lahat ng bagay, madadama natin ang pag-ibig Niya, at palaging magagalak. Pero ang mga may negatibong ugali ay may mga alalahanin sa puso kahit sinasabi nilang nagpapasalamat sila at nagagalak. Kung nahihirapan sila, sisikapin nilang magtagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya, pero kapag nahirapan sila, iisipin nila, ‘Paano kung magkaproblema?’ Kahit may mabuting nangyayari, negatibo pa rin ang iniisip nila, ‘Paano kung may problema pa rin?’ kaya nawawala na ang kagalakan at pasasalamat ng puso nila.

Kaya, dapat nilang damahin ang pag-ibig ng Diyos, magpasalamat sa lahat ng bagay, at tumakbo ng may pananampalataya sa pamamagitan ng pananalangin sa Diyos. Kung gagawin nila ito, magiging positibo ang kalooban at saloobin nila (Filipos 4:6-7).

## Buwagin ang kagustuhang ‘mapag-isa’

Dapat nating pangalagaan ang ibang tao ng may pag-ibig, kabutihang loob, at malawak na pag-iisip

Hindi madaling ipahayag ng isang taong ‘mapag-isa’ ang kanilang iniisip o nararamdaman. Maaaring minana nila ang ganitong ugali sa mga magulang nila o baka nakaranas sila ng ‘trauma’ o takot sa buhay nila. Halimbawa, kung matindi ang kabiguang idinulot sa kanila ng isang tao noon, mahihirapan silang ipahayag ang nararamdaman nila at hindi nila masabi ang totoong nararamdaman nila. At ayaw nilang sabihin ang mga pagkukulang nila sa ibang tao, tinatago nila ito. Nagiging ugali na nila ito.

Kahit palagay ang kalooban nila sa ibang tao at marunong silang makibagay, hindi nila maipadama ang pakikiramay nila. Kahit wala silang ginagawang masama, hindi sila makapagbigay ng pagpapala ni magpakita ng kabutihang loob at pagmamahal sa ibang tao. Kung minsan, nakakahadlang pa ito sa paglago ng espiritu nila. Hindi nila masabi ang gusto nilang sabihin at hindi rin sila interesado sa sasabihin ng ibang tao. Paano nila bubuwagin ang ganitong ugali, paano sila magbabago at magiging espirituwal? Dapat maging interesado sila sa ibang tao, makinig sa mga sasabihin nila, isaalang-alang ang mga saloobin, kinalalagyan at mga pangyayari sa buhay nila. Dapat maging malawak ang pananaw at saloobin nila, may pagmamahal at mabuting kalooban. Kung gagawin nila ito, malulugod ang Diyos sa pagiging espirituwal nila.

## Buwagin ang mababang pagtingin sa sarili

Dapat nating gawin ang pinakamabuti sa lahat ng bagay nang may masunuring puso

Kahit kumikilos tayo nang may pagpapakumbaba, dapat nating alamin kung haharapin natin ang isang situwasyon o hindi. Kapag may gagawin tayo, huwag nating isiping hindi natin kayang gawin ito. Sa halip, harapin natin ng buong tapang ang gawain nang may pagtitiwala sa pag-ibig at tulong ng Diyos. Ito’y sa dahilang may mga situwasyong dapat tayong maging matapang sa pagharap sa gawain at maging tapat para sa kaharian ng Diyos.

Ang mga mababa ang tingin sa sarili ay umaatras, sinasabing, “Hindi ako ang klase ng taong namumuno, hindi ko personalidad iyon.” Ayaw nila ng reponsibilidad, sinasabi nila, “Gusto kong ibang tao ang gumawa nito, mga mas magaling kaysa sa akin.” Likas na ugali ito ng ibang tao, pero sinasadyang maging ganito ng iba. Maaaring matapang at maalab sila dati sa gawain pero nawalan ng lakas ng loob dahil sa mahahaba at matatagal na pagsubok.

May mga taong nagsasabing hindi pa matibay ang pananampalataya nila o hindi pa sila espirituwal. Iniisip nila na hindi nila kayang mamuno sa pagtupad ng gawain ng Diyos. Nililimitahan nila ang sarili nilang kakayahan. Nanliliit sila at umaatras. Para lumago ang espiritu nila, dapat nilang hingin ang tulong at kapangyarihan ng Diyos at maglingkod ng tapat at aktibo. Ang ating Diyos na mapagmahal ay gagawa kasama natin kung magsisikap tayong sumunod at ibigay ang pinakamahusay sa bawat bagay, kahit hindi pa tayo nakatayo sa bato ng pananampalataya at hindi pa malago ang espiritu.

Mababasa sa Deuteronomio 6:5, “At ibigin mo ang PANGINOON mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas”. Kahit sa isang bagay na inaakala ninyong hindi ninyo kayang gawin o hindi para sa inyo, kung gagawin naman ninyo ang tungkuling ito nang may pag-ibig para sa Diyos, mapapagtagumpayan ninyo ang likas ninyong ugali at matutupad ang mas dakilang gawain. Subukan ninyo ng isa o dalawang beses, bibigyan kayo ng Diyos ng katapangan.

# “Walang hanggan ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa India”

Elder Celliah Ebenezer (Pangulo ng Industrial Employees Prayer Fellowship, Chennai, India)



Ipinanganak ako sa isang mayamang pamilyang Cristiano sa Distrito ng Madurai, Estado ng Tamil Nadu sa India. Mahilig akong magehersisyo at gusto kong maging isang wrestler. Pero dahil lagi akong tinuturuan tungkol sa kabutihan ng mga magulang ko, at dahil sa buhay nilang karapat-dapat tularan, nagpasiya akong italaga ang sarili ko para sa Panginoon.

Ako ang namamahala sa Greenfield Engineering, isang malaking kumpanyang gumagawa ng valve o balbula. Nagmiministeryo ako bilang pangulo ng Industrial Employees Prayer Fellowship. Nagbibigay kami ng pinansyal na tulong sa mga lokal na pastor at mga misyonero. Tinutulungan din namin ang mga kilalang pastor mula sa ibang bansa na makapagdaos ng krusada sa Chennai.

### Natiyak kong si Dr. Jaerock Lee ay tunay na lingkod ng Diyos dahil sa krusada ng pagkakaisa na idinaos sa India noong 2002

Isang araw, noong taong 2002, nabalitaan ko mula sa kakilala kong pastor na si Owen Roberts na magkakaroon ng krusada, si Dr. Jaerock Lee ang magiging tagapagsalita. Naglingkod ako noon bilang tagapangulo ng komite ng pag-aanunsyo ng mga krusada. Inilathala ko ang krusadang ito sa TV at mga diyaryo.

Ang krusada ng pagkakaisa sa India ni Dr. Lee noong 2002 ay dinaluhan ng mahigit sa 3 milyong tao. Naging makasaysayan ang okasyong ito para sa mga Cristiano sa India, at nakapagbigay ng malaking kaluwalhatian sa Diyos. Kahit nagkaroon ng iba't ibang problema, naging proseso ito ng paghahanda para sa mga biyaya mula sa Diyos.

Isang halimbawa, nagpalabas ng ordinansa ang Tamil Nadu na nagbabawal na ipilit ang paniniwala bago magsimula ang krusada. Ito ay isang pagsubok sa pananampalataya, hindi lang para sa mga pastor na naghanda para sa krusada, kundi pati sa maraming Cristiano. Parang wala nang magagawa kundi ang sumuko. Gayon pa man, itinuloy ni Dr. Lee ang krusada, nang may pananampalataya.

Nakakamangha ang resulta; umapaw ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos, mga tanda, himala, at hindi mabilang na kaluluwa ang tumanggap sa Panginoon at gumaling dahil sa mensahe at panalangin ni Dr. Lee. Niluwalhati nila ang Diyos. Nakita kong nagpatuloy ang krusada dahil sa tulong ng Diyos.

### Binuo ang Manmin Ministry India para ibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan at ang mga makapangyarihang pagkilos

Pagkatapos ng krusada, mas naging matibay ang pananampalataya ko at lalo akong naging masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo. Dahil dito, binuo ang Manmin Ministry sa India kasama si Pastor Joseph Han, nagmiministeryo sa Chennai Manmin Church. Magmula noon, ipinangaral namin ang ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga seminar para sa mga pastor. Pinamahalaan ito ng Chennai Industrial Employees Prayer Fellowship. Magmula ng maglingkod ako sa Panginoon, tumanggap ako ng maraming biyaya sa negosyo at nagagawa ko ang ministeryo ko ng napakaaktibo.

Dalawang beses na akong nakakapunta sa Manmin Central Church, maraming pagpapala ang tinatanggap ko. Kapag umuuwi ako galing sa pagbisita ko doon, ibinabalita ko ang tungkol sa iglesya, ibinabahagi ko ang mga mensahe ni Dr. Lee at mga libro niya sa pamilya at mga kamag-anak ko. Dahil dito, gusto ring makapunta sa Manmin Central Church ng mga lalaking pamangkin kong pastor – ang lugar na makapangyarihan.

### Ngayong taong 2013, muli akong namangha sa kapangyarihan ni Dr. Lee sa retreat sa tag-init ng Manmin

Noong Agosto 2013, nakibahagi ako sa retreat sa tag-init ng Manmin. Naranasan ko ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos. Agosto 5, ganap na ika-7:30 ng gabi, nagsimula ang seminar. Habang ipinapakilala ng namumuno ang tagapagsalita pagkatapos ng espesyal na pagtatanghal ng komite ng sining, nagsimulang umambon, hindi nagtagal, lumakas pa ito. Hindi kumilos si Dr. Lee, kahit nauulanan siya, gayon din ang mga miyembro.

Noong sandaling iyon, naalala ko ang krusada ng pagkakaisa sa India noong taong 2002, naging emosyonal ako, hindi ko maipaliwanag. Naalala kong nangaral si Dr. Lee habang bumubuhos ang malakas na ulan sa ikatlong araw ng krusadang iyon. Noong panahong iyon, malaking biyaya ito dahil sampung buwan nang nagdurusa sa kakulangan ng tubig ang mga tao sa Chennai. Dahil doon, nakinig na mabuti ang mga dumalo sa mensahe nang may kasiyahan sa halip na nagsialis. Pagkatapos niyang mangaral, ipinanalangin niya ang mga may sakit sa entablado. Maraming nagpatotoo ng kanilang paggaling dahil sa panalanging iyon. Maraming nakapanood nito sa TV kaya pumunta sila sa krusada kinabukasan. Hindi mabilang ang mga dumalo.

Naalala ko ang mga kaganapan noon, napuno ako ng pag-asa, inisip ko, “Ano kayang mga biyaya ang ibibigay sa amin ngayon?” Nakinig akong mabuti kay Dr. Lee. Pagkatapos ng pagpapakilala sa kanya ng namumuno, matapang na nanalangin si Dr. Lee sa Diyos. “Ulan, tumila ka. Mga ulap na nagdadala ng ulan, mahawi ka! Bughaw na langit, magpakita ka, at mga bituin, lumitaw kayo!” Pagkatapos, sinimulan na ang seminar.

Hindi nagtagal, nakakagulat, nahawi ang maiitim at makakapal na ulap, tumila ang ulan, lumabas ang bughaw na langit, at lumitaw ang mga bituin. Nagpadala ng preskong simoy ng hangin ang Diyos sa amin, tinuyo nito ang mga damit na binasa ng ulan. Hallelujah! Pagkatapos ng mensahe, idinalangin ni Dr. Lee ang mga may sakit at ang lahat ng mga dumalo. Maraming tao ang napagaling mula sa iba't ibang klase ng mga karamdaman, nagpatotoo sila. Napagaling din ang mga pamangkin kong lalaki, kaya lalong naantig ang damdamin ko.

### Dahil sa panalangin, gumaling si Pastor Victor Selvan mula sa karamdamang 22 taon niyang tiniis at gumaling din ang alta presyon ni Pastor Simon na bumagabag sa kanya sa loob ng 4 na taon

Tumanggap ng maraming pagpapala si Pastor Victor Robinson Selvan (Zion Garden Assemblies of God Church) sa pagbabasa niya ng libro tungkol sa patotoo ni Dr. Lee na *Maranasan ang Walang hanggang Buhay bago ang Kamatayan*, at sa panonood niya sa GCN TV araw-araw. Masakit lagi at namamaga ang tuhod niya dahil sa uric acid. Malaki ang problemang idinulot sa kanya nito sa loob ng 22 taon. Gulay lang ang pwede niyang kainin dahil kung kakain siya ng karne ng manok o baka, lalong mamamaga ang mga binti niya. Pero nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee nang may pananampalataya, nawala ang sakit. Nakakaakyat at nakakababa na siya sa hagdanan nang walang masakit na nararamdaman, nakakakain na rin siya ng karne at hindi nagkakaproblema. Hindi na siya nakaramdam ng anumang sakit. Gumaling din ang alta presyon ni Pastor Sathya Moothy Simon Paul (Jesus Comforts Ministry) na 4 na taon na niyang problema. Dahil dito, mas nakilala ang ministeryo ng Manmin at nagpasalamat siya sa Diyos.

Marami na akong nakilalang mga pastor na mula sa ibang bansa, pero ang pinakanirerespeto at minamahal ko ay si Dr. Jaerock Lee. Naaalala siya at ang mga krusada niya ng mga pastor at mananampalataya sa India, pinaguusapan nila ito. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagnanais na maligtas ang lahat ng tao, nagmamahal sa 1.2 bilyong kaluluwa sa India, at niloob na makilala nila ang tunay na pastol.



Ang kapangyarihan ng Muan Sweet Water... Elder Ebenezer, mga pamangkin niya, kasama sina:
(mula sa kaliwa papunta sa kanan – Pastor Simon, Gng. Robinson at Rev. Daniel Allen Robinson, Elder Ebenezer, Pastor Victor Selvan)


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714